

中学生ピロリ菌検査及び除菌治療に関する Q&A Question and Answer tungkol sa Helicobacter Pylori Test at Pagpapagamot nito para sa Junior High School



(Yokkaichi Medical Association)

1) What is Helicobacter Pylori?

It is the bacteria Ito ay bacteria na nabubuhay sa tiyan. Ang Helicobacter Pylori ay nagiging sanhi ng pamamaga ng mucous membrane ng tiyan, walang sintomas ngunit patuloy ang pagkalat impeksiyon hanggang sa magdulot ng gastritis na maaaring mauwi sa sakit na chronic gastritis, stomach o duodenal ulcer o stomach cancer. Nakukuha ang H. Pylori hanggang 5 taong gulang at patuloy na itong maninirahan sa loob ng tiyan. Kapag na-impeksiyon noong panahon ng kabataan at hindi kaagad ito nagamot, magpapatuloy ang pagkalat ng impeksiyon ng walang pinapakitang sintomas na magiging sanhi ng gastritis at maaaring mauwi sa ulcer o stomach cancer. Ang H. pylori ay hindi nakukuha sa normal na araw-araw na pamumuhay o pamumuhay sa paaralan.

2) Bakit magsasagawa ng check-up at gamutan para sa mga mag-aaral ng Jr. High school?

Ang H. Pylori chronic infection ay pinakanabubuo hanggang mag-5 taong gulang, pagkatapos nito, mahalaga ang pagtanggap ng bacteria sa mga batang henerasyon na hindi pa nasisira ang mucous membrane ng tiyan. Upang magamot ang H. Pylori ng isang taong nasa tamang edad na, kailangang magsagawa ng gastroscopy upang malaman kung may gastritis o wala bang stomach cancer. Ngunit, dahil halos wala namang report ng pagkakaroon ng stomach cancer ng mag-aaral ng Jr. H.S, hindi magsasagawa ng gastroscopy, gagamutin lamang sa pamamagitan ng medical examination (check-up ng ihi at dumi) at papainumin ng gamot. Ayon sa patakaran, ang paggamot sa taong positibo sa bacteria ay isinasagawa mula 15 taong gulang pataas.

3) Mayroon bang data ng pagsasagawa ng check-up sa mga mag-aaral ng Jr. HS?

Simula noong 2012, marami ng pamahalaang local ang nagsasagawa nito. Lalo na ang Saga Ken, nagsagawa sila sa buong Area ng prefecture simula pa noong 2016. Itong mga nakaraang taon, isinasagawa na rin ito sa mga bayan at lungsod sa Mie Ken. Ang mga mag-aaral ng Jr. HS na nagpositibo sa H. Pylori ay nasa 5~10%. Ang H. Pylori infection check-up system at paggamot dito ay pinakamabuting isagawa sa 3rd Year Jr. HS upang mas maiwasan ang pagkakaroon ng stomach cancer.

4) Paano isasagawa ang unang check-up?

Ang unang check-up ang pinakamadali sa pamamagitan ng check-up ng ihi.

Sa paraang ito malalaman kung mayroon o walang H.Pylori antibodies sa ihi. Sa check-up na ito, posibleng maging false positive (Positibo ang resulta ngunit ang totoo ay negatibo naman). Kapag nag-positibo sa check-up sa ihi o hindi matukoy, magsasagawa ng ikalawang check-up gamit ang dumi upang malaman ang final na resulta.

5) Paano isasagawa ang ikalawang check-up (Check-up ng dumi)?

Kumuha ng dumi at ilagay sa stool sample container at ipasa sa itinalagang pagamutan. Sa check-up na ito, kapag may nakitang H. Pylori sa loob ng tiyan, positibo ang magiging resulta. At parehong paraan ng check-up ang isasagawa upang malaman kung tagumpay na nagamot ang bacteria.

6) Anong gamot ang iinumang kapag kailangang magpagamot upang mawala ang bacteria?

Sa pagpapagamot, may 3 set ng gamot na iinumang 2 beses sa 1 araw, sa umaga at gabi sa loob ng 7 araw.

Sasamahan ng magulang na magpa-check-up ang bata sa itinalagang pagamutan ng Yokkaichi Medical Association, magpapaliwanag ang Doctor in-charge at magbibigay ng prescription ng gamot kung nais magpagamot.

7) Magkano kaya aabutin kapag kinailangang magpagamot upang maalis ang bacteria?

Hindi po magagamit ang Health insurance. Ang gagastusin ay nasa .8,000 ~10,000 円. Magtanong po sa itinalagang pagamutan para malaman ang detalye.

8) Mayroon bang side-effect ang paggamot ng bacteria? At ano ang dapat gawin.

Ang side-effect ng pagpapagamot upang mawala ang bacteria ay paglambot ng dumi o pagtatae, minsan ay nagkakaroon din ng rashes. Madalas ay pinapatigil ang pag-inom ng gamot kapag nagkaroon ng rashes, at kung kinakailangan ay pinapainom ng gamot para sa anti-allergy. Kadalasan ay natural lamang ang paglambot ng dumi o pagtatae at iniinumang gamot kung kinakailangan.

Wala pang naiiulat na malaking side-effect ang paggamot ng bacteria sa mga mag-aaral ng Jr. HS. Kung may allergy sa gamot, sabihin nang maaga sa Doctor in-charge. Kapag may hindi kayo naintindihan sa paliwanag ng doctor, tanungin ang Doctor in-charge.

9) Pagkatapos ng pag-gamot ng bacteria, kailangan ba talagang alamin ang final na resulta? ?

Ang percentage ng matagumpay na pag-alis ng bacteria ay mataas, nasa 90% mahigit ngunit sa iba't ibang dahilan ay hindi ito nagiging 100%.

Kung sinabihan na may H. pylori at magpagamot, siguruhing alamin ang final na resulta para makapag-ingat sa susunod.

Pagkatapos ng proseso ng paggamot ng bacteria, magsasagawa ng check-up ng dumi. Kapag natanggap ang prescription na gamutin ang bacteria, sa araw na iyon bago umuwi, huwag kalimutang tanungin ang doctor in-charge kung kailan isasagawa ang medical test para malaman kung nagamot ba ang bacteria (mula ika-8 linggo pagkatapos ng huling araw na pag-inom ng gamot).

Dahil ang lahat ng test ay hindi eksaktong 100%, kapag ang resulta ng test ay negative o maging matagumpay ang pag-alis ng bacteria, magpatest pa rin kung kakailanganin ang mas detalyadong eksaminasyon o test para sa stomach cancer.

10) Mas makabubuti bang magpa-check up din ang mga nakatatanda (pamilya)?

Kapag ang bata ay may H. pylori infection, mataas din ang posibilidad na mayroon ding impeksiyon ang magulang. Kahit na negative ang resulta ng bata, nasa 10~30% pa rin ang H. pylori ng 30~40 taong gulang, kaya sinasabing nasa 50% ang impeksiyon ang edad na mas mataas dito. Kaya humingi ng payo sa pagamutan tungkol sa H. pylori infection ng pamilya.

Kaya huwag palampasin ang pagkakataon na gamitin ang serbisyong ito at magsilbing inspirasyon ang aktibidad na ito upang tumaas ang tiyansang maalis ang stomach cancer sa buong komunidad.